



Walang nakapirming address?

# Maaari pa kayong magparehistro para bumoto!

Humiling ng card sa pagpaparehistro bilang botante mula sa Departamento ng mga Eleksyon o magrehistro online sa [registertovote.ca.gov](http://registertovote.ca.gov).



SAN FRANCISCO  
ELECTIONS

(415) 554-4310

[sfelections.org](http://sfelections.org)

## Anong address ang maaari kong gamitin?

Isulat kung saan kayo nakatira sa pamamagitan ng pagbigay ng interseksyon ng mga kalye kung saan kayo karaniwang naninirahan.

## Maaari ba akong gumamit ng P.O. Box o address ng negosyo bilang address ng tirahan?

Hindi. Dahil ang tinitirhan ninyo ang magtatakda kung anong mga labanan at kandidato ang lababas sa inyong balota.

## Maaari ba akong gumamit ng P.O. Box o address ng negosyo bilang address na pang-koreo?

Oo. Kung nais ninyong matanggap ang inyong balota at iba pang mga opisyal na materyales na pang-eleksyon sa pamamagitan ng koreo, maaaring gumamit ng P.O. Box o address ng negosyo bilang address na pang-koreo.

## Paano ko matitiyak ang aking rehistrasyon?

Para ma-check ang katayuan ng inyong rehistrasyon bilang botante sa San Francisco, gamitin ang Pagtiyak sa Katayuan ng Rehistrasyon bilang Botante sa [sfelections.org/reglookup](https://sfelections.org/reglookup) o tawagan/bisitahin ang aming tanggapan.

## Sabik ba kayong makibahagi?

Magtanong sa amin kung paano maging isang Manggagawa sa Botohan, at mga oportunidad para sa pansamantalang trabaho!